STATE OF CALIFORNIA
DMV
Department of Motor Vehicles

# AWTORISASYON PARA SA PROSESO NG BERIPIKASYON

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon para sa driver license o card ng pagkakakilanlan, bineberipika ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Lupain (*Department of Homeland Security*, DHS), Pagkamamayan ng U.S at Mga Serbisyo sa Imigrasyon (*U.S. Citizenship and Immigration Services*, USCIS) sa elektronikong paraan ang iyong (mga) dokumento sa imigrasyon. Hindi mabeberipika ang iyong (mga) dokumento at nangangailangan ng higit pang pagsusuri. Ito ay isang kinakailangang bahagi ng proseso ng pagbeberipika bago maaaring ibigay ang driver license/card ng pagkakakilanlan at hindi ito nangangahulugang may problema. Kailangan ang iyong awtorisasyon bago maaaring kumpletuhin ng DMV ang proseso ng pagbeberipika ng iyong (mga) dokumento. Ginagamit lamang ng DMV ang impormasyong ito para tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa driver license/card ng pagkakakilanlan. May bisa ang awtorisasyong ito hanggang isang taon mula sa araw na ito.

**Q: Bakit ako nakatanggap ng Form ng Awtorisasyon sa Pagbeberipika (*Verification Authorization*, DL 93)?**

**A:** Walang impormasyon ang DMV sa dahilan kung bakit hindi naberipika ng USCIS ang iyong (mga) dokumento sa imigrasyon sa elektronikong paraan. Kung minsan, hindi naa-access ang impormasyon sa elektronikong paraan, at maaaring kailanganin ng karagdagang manu-manong pananaliksik ng USCIS. Sa ibang mga kaso, may mga maling pagkakasulat o may impormasyong nawawala sa kanilang mga file o may mga pagkaantala sa pag-upload ng makapagkikilalang datos. Maaaring kailangang magsumite ng DMV ng na-scan na kopya ng iyong (mga) dokumento sa imigrasyon para maberipika ng USCIS ang iyong impormasyon.

**Q: Bakit ang aking mga dokumento sa imigrasyon bineberipika?**

**A:** Nagbigay ka ng dokumento sa imigrasyon upang ipakita na ang iyong presensiya ay pinapahintulutan sa ilalim ng pederal na batas. Bineberipika ng DMV ang mga dokumentong ito na isinusumite ng mga aplikante para patunayan ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Para makakuha ng Federal REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan na maaaring gamitin para sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa o para pumasok sa isang binabantayang pederal na pasilidad na nangangailangan ng pagkakakilanlan, dapat beripikahin ng pederal na pamahalaan ang iyong inawtorisahang presensiya. Ginagamit lamang ang impormasyong ito para tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa driver license/card ng pagkakakilanlan.



STATE OF CALIFORNIA
DMV
Department of Motor Vehicles

# AWTORISASYON PARA SA PROSESO NG BERIPIKASYON

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon para sa driver license o card ng pagkakakilanlan, bineberipika ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Lupain (*Department of Homeland Security*, DHS), Pagkamamayan ng U.S at Mga Serbisyo sa Imigrasyon (*U.S. Citizenship and Immigration Services*, USCIS) sa elektronikong paraan ang iyong (mga) dokumento sa imigrasyon. Hindi mabeberipika ang iyong (mga) dokumento at nangangailangan ng higit pang pagsusuri. Ito ay isang kinakailangang bahagi ng proseso ng pagbeberipika bago maaaring ibigay ang driver license/card ng pagkakakilanlan at hindi ito nangangahulugang may problema. Kailangan ang iyong awtorisasyon bago maaaring kumpletuhin ng DMV ang proseso ng pagbeberipika ng iyong (mga) dokumento. Ginagamit lamang ng DMV ang impormasyong ito para tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa driver license/card ng pagkakakilanlan. May bisa ang awtorisasyong ito hanggang isang taon mula sa araw na ito.

**Q: Bakit ako nakatanggap ng Form ng Awtorisasyon sa Pagbeberipika (*Verification Authorization*, DL 93)?**

**A:** Walang impormasyon ang DMV sa dahilan kung bakit hindi naberipika ng USCIS ang iyong (mga) dokumento sa imigrasyon sa elektronikong paraan. Kung minsan, hindi naa-access ang impormasyon sa elektronikong paraan, at maaaring kailanganin ng karagdagang manu-manong pananaliksik ng USCIS. Sa ibang mga kaso, may mga maling pagkakasulat o may impormasyong nawawala sa kanilang mga file o may mga pagkaantala sa pag-upload ng makapagkikilalang datos. Maaaring kailangang magsumite ng DMV ng na-scan na kopya ng iyong (mga) dokumento sa imigrasyon para maberipika ng USCIS ang iyong impormasyon.

**Q: Bakit ang aking mga dokumento sa imigrasyon bineberipika?**

**A:** Nagbigay ka ng dokumento sa imigrasyon upang ipakita na ang iyong presensiya ay pinapahintulutan sa ilalim ng pederal na batas. Bineberipika ng DMV ang mga dokumentong ito na isinusumite ng mga aplikante para patunayan ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Para makakuha ng Federal REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan na maaaring gamitin para sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa o para pumasok sa isang binabantayang pederal na pasilidad na nangangailangan ng pagkakakilanlan, dapat beripikahin ng pederal na pamahalaan ang iyong inawtorisahang presensiya. Ginagamit lamang ang impormasyong ito para tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa driver license/card ng pagkakakilanlan.



I-print